

Magandang balita: Pagpapalit mula Dependent visa sa Long Term Resident visa

Notisya ng pagbibigay konsiderasyon sa mga banyagang may Dependent Visa para makapagpapalit sa Long Term Residence Visa ay ni-isyu ng Ministry of Justice sa Immigration Bureau.



Hindi makapag- trabaho ng higit sa 28 oras kada linggo sa Dependent visa

Mayroong higit na 126,000 na mga dayuhan ang may Dependent visa dito sa Japan. Ang Dependent visa ay binibigay sa asawa at mga anak na kasalukuyang kasamang naninirahan at sinusuportahan ng sinuman na may working visa o student visa dito sa Japan.

May 11 klase ng Dependent visa, mula 3 buwan hanggang sa 5 taong paninirahan sa bansa.

Subalit, dahil sa ang paninirahan ng may dependent visa ay kasingtagal lamang ng paninirahan ng asawang may working visa o student visa, kung kaya't ang Dependent visa ay matatapos sakaling matapos na din ang visa ng asawa.

Ang ilan sa mga may Dependent visa, ay nanirahan na dito sa Japan simula ng sila ay bata pa. Dito na sila nagtapos sa elementarya hanggang high school, at gamay na ang kultura at tradisyon ng bansa. Sa paghahanap ng trabaho o para kumita para makapag-aral ng mas mataas na edukasyon, sila ay nagkakaroon ng problema dahil maaari lamang silang magtrabaho sa limitasyon ng kanilang estado bilang Dependent visa (hanggang 28 oras kada linggo). Kung kaya't, kahit na may kakayanan, talino o abilidad na makapagtrabaho sa hinaharap sa linya ng Humanities o International Services, ay hindi maisasakatuparan dahil sa kakulangan sa edukasyon at sa karanasan sa trabaho. Mahirap silang makakuha ng maayos at matatag na trabaho.

Samakatuwid, sa mga naninirahan sa Japan na may Dependent visa, kung sila ay nagtapos ng pormal na edukasyon at nakapagtapos sa high school dito sa Japan, sila ay maaring bigyan ng konsiderasyon na makapagpalit ng estado ng paninirahan at pagkalooban ng Long Term Residence visa. Ang pagbabatay ay base sa individual at hindi bilang kasapi ng pamilya. Kung kaya't maaaring magkakaiba ang igagawad na visa sa pagitan ng magkakapatid at maging sa magulang.

May kahirapan na ang pagpapalit kung 20 taong gulang o mas matanda. Kung nais manirahan at magtrabaho sa Japan, napapanahon na para mag-aply ng visa na nararapat sa inyo.

Pag-uulat ni Ms. Nanae Ishii, Chief Director, FICEC

Maaring nang magpakasal 100 na araw pagkatapos ng diborsyo sa bagong batas.



Sa dating batas, Artikulo 733 paragraph 1 ng Civil Law Act, ay nagsasaad na ang mga babae ay maari lamang magpakasal na muli, 6 buwan (180 na araw) pagkatapos ng diborsyo. Ito ay sa dahilang kung ang babaeng nagpakasal kaagad matapos mag diborsyo, at nagbuntis, ay hindi malaman ngayon kung sino ang talagang ama ng bata.

Ang ama ng sanggol na ipinanganak sa loob ng 300 araw matapos mag- diborsyo ay ang dating asawa at kung 200 days matapos magpakasal, ang ama ng bata ay ang bagong asawa. Kung kaya't sa prinsipyo ng kadahilanang ito ay 6 buwan (180 araw), ang napagkasunduang patakaran .

Subalit may insidenteng kung saan ang isang babae ay nagsampa ng kaso na masyadong mahaba ang panahong ipinatang. Kung kaya't nagpataw ng bagong batas ang suprema korte, na dahil sa pagbabago at pag-unlad ng medisina at teknonohiya ay pahihintulutan na ang pagpapakasal na muli, 100 na araw pagkatapos mag diborsyo. At mula sa Ministro ng Hustisya ang pagsasakatuparan ng bagong batas ay ipinahayag sa mga lokal na pamahalaan. Naging magandang balita ito sa mga babaeng nagnanais na magpakasal na muli.

Aplikasyon ng My number card

Sinimulan na ang pag-isyu ng My number card mula Enero at ito ay tinalakay sa nakaraang edisyon. Maaring meron na kayo. Marami ang interesadong kumuha ng my number card kagaya ng mga mag-aaral ng Nihongo sa FICEC dahil ito ay maaring magamit bilang ID card dahil may ID picture at nakalakip na IC chip. Ito ay parang katulad din ng driver's license kung kaya't kombinyenteng gamitin bilang ID o identification card. Kung nahihirapan kayo kung paano ang pag-apply ng my number card, magtanong lamang sa FICEC.

Pagpapatala at orientation para sa mga magulang at mga bagong estudyanteng papasok ngayong taon

Nagsimula na ang pagpapatala at orientation para sa mga magulang at mga bagong estudyanteng papasok ngayong taon, sa elementary, junior high school at eskuwelahan para sa may kapansanan.

Ang notisya para sa pagpasok sa elementary ay ipinapadala sa buwan ng Enero sa mga magulang. Para sa mga papasok sa junior high school, ito ay ipinapadala sa mga bata sa elementarya.

Ang orientation ay isang magandang pagkakataon lalo na sa mga magulang na na bago pa lang pumasok sa eskuwelahan ang kanilang anak. Maraming mga sulat ang matatanggap galing sa eskuwelahan.

Makabubuting pumunta kayo sa mga pagpupulong para malaman ang mga aktibidad at pamamaraan sa eskuwelahan ng inyong anak.

Ebento sa Nihongo Class ng FICEC

Selebrasyon ng Doll Festival (Hinamatsuri)

● Kailan: Marso 3 (Huwebes) 11:00~

● Saan: FICEC ● Walang bayad

Ang Nihongo Class sa FICEC ay tuwing Huwebes, mula 10:00am. Maliban sa pag-aaral ng Nihongo ay ipinapakilala din ang mga tradisyonal na mga ebento at kapistahan.

Noong Disyembre ay paggawa ng soba noodles at nitong Enero ay pagsusulat o calligraphy.

<Paggawa ng soba> <Pagsusulat o calligraphy>

